Pangalan: Rodolfo Sarto
Paksa ng Khutbah: “Mga Biyaya na nasa Kalikasan”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
February 2, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalataya, sa araw na ito, ating pagnilayin ang mga dakilang biyayang matatagpuan sa kalikasan. Ang kalikasan ay isang malinaw na patunay ng walang hanggang Kapangyarihan at Karunungan ng ating Tagapaglikha na si Allah. Tunghayan natin ang kagandahan at kahalagahan nito bilang mga biyayang nagbibigay-buhay sa ating lahat.

Bawat puno at halaman, ang mga kabukiran na ating sinasaka, ang matatayog na bundok, ang umaagos na mga ilog, ang malalawak na dagat, at ang lahat ng mga hayop at isda na naninirahan dito—lahat ng ito ay biyaya mula kay Allah. Ang mga biyayang ito ay hindi lamang nagbibigay ng sustento kundi nagpapaalala rin sa atin ng Kanyang Kadakilaan at Habag.

Isipin natin ang bawat patak ng ulan na nagdidilig sa ating mga pananim, ang sariwang hangin na ating nilalanghap, at ang liwanag ng araw na nagbibigay init at sigla sa ating mga katawan. Ang mga bundok ay hindi lamang nagsisilbing tagapagtanggol mula sa mga kalamidad kundi mga pinagkukunan din ng mga materyales tulad ng kahoy na ginagamit sa pagtatayo ng ating mga bahay. Dito rin nakukuha ang mga puno na ginagawang papel at mga bagay na kapaki-pakinabang tulad ng mga gamit sa bahay na yari sa kahoy. Sa mga puno at

halaman ng kalikasan ay nakukuha natin ang mga prutas at halamang gamot na nagsisilbing pagkain at lunas sa ating katawan.

Ngunit higit pa riyan, tinutukoy nito ang ating tungkulin bilang mga tagapangalaga ng kalikasan. Kaya't kung tayo ay tatanungin, ano ang ating ginagawa sa mga biyayang ito? Tinutustusan tayo ni Allah, ngunit paano natin pinapahalagahan ang mga biyayang ito? Kung hindi natin pinapahalagahan ang kalikasan, hindi natin pinapahalagahan ang paglikha ni Allah. Ang kalikasan ay isang tanda ng Kanyang Kadakilaan.

Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam):

"إِنَّ الدُّنْيَا حُلْوَةٌ خَضِرَةٌ وَإِنَّ اللَّهَ مُسْتَخْلِفُكُمْ فِيهَا فَيَنْظُرُ كَيْفَ تَعْمَلُونَ ". ( رواه مسلم)

*"Ang mundong ito ay matamis at luntiang parang hardin, at tunay na si Allah ay magbibigay sa inyo ng pamamahala dito upang makita kung paano kayo kumikilos."* (Inulat ni Muslim)

Ang kalikasan ay isang "Amanah" o pagkakatiwala mula kay Allah sa atin. Hindi lang biyaya ang kalikasan, ito rin ay isang responsibilidad. Sa ating mga kamay nakasalalay ang kaligtasan at kaayusan ng ating kalikasan. Binigyan tayo ni Allah ng mga biyaya hindi lamang para sa ating pansariling kapakinabangan kundi para sa kabutihan ng lahat. Ang mga ilog, dagat, at kagubatan ay hindi lamang mga likas na yaman, ito rin ay mga biyaya na nagbibigay buhay at kabuhayan. Kaya't tayo ay may responsibilidad na pangalagaan ang mga ito. Kung tayo ay patuloy na magpapabaya sa kalikasan, tayo ay nagiging sanhi ng pagkapinsala hindi lamang sa ating sarili kundi sa buong Mundo. Bilang mga Muslim, tungkulin natin na protektahan ang mga biyayang ito at tiyakin na ito ay magagamit ng mga susunod na henerasyon.

Mga kapatid, sa tuwing tayo ay tumitingala sa kalangitan at titingin sa buong kapaligiran, nawa'y maalala pa rin natin ang mga biyayang ipinagkaloob ni Allah. Kahit pa man ang mga nakikita natin ay maiitim na usok dulot ng polusyon at maruruming kapaligiran dahil sa tambak na mga basura. Kahit pa na sa tuwing bubuhos ang malakas na ulan ay bumabaha sa kalsada dahil sa hindi nalilinis ang mga estero at nangingitim na mga ilog. Nawa'y maalala pa rin natin ang mga biyayang ipinagkaloob ni Allah. Hindi lang tayo dapat tumanggap at magpasalamat, kundi tayo ay may responsibilidad na pangalagaan ang kalikasan. Ang pagpapahalaga sa kalikasan ay isang aspeto ng pagpapasalamat kay Allah. Kung tayo ay nagmamalasakit sa mga nilikha ni Allah, ipinapakita natin ang ating pananampalataya at pasasalamat sa Kanya.

Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"مَا مِنْ مُسْلِمٍ غَرَسَ غَرْسًا فَأَكَلَ مِنْهُ إِنْسَانٌ أَوْ دَابَّةٌ إِلاَّ كَانَ لَهُ صَدَقَةً." (رواه البخاري)

*“Kapag ang isang Muslim ay nagtanim ng isang puno o naghasik ng binhi, at ito’y kinain ng tao, ibon, o hayop, ito ay ituturing na kawanggawa.”* (Inulat ni Al-Bukhari)

Sa pamamagitan ng mga gawaing pangkalikasan tulad ng pagtatanim ng puno at mga halaman, mga gawaing nakababawas ng polusyon, at pagpapanatili ng malinis na kapaligiran, tayo ay hindi lamang nakikinabang sa mga biyaya ng kalikasan, kundi nakakapagbigay rin tayo ng kabutihan sa iba at nagpapakita ng malasakit sa mga susunod pa sa atin.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ للهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

O mga kapatid sa pananampalatayang Islam, atin ngang sinupin, alagaan at protektahan ang ating kalikasan, dahil ang lahat ng mga ito ay biyaya at pagpapala sa atin ng ating Dakilang Tagapaglikha. Ang pagpapahalaga at pangangalaga sa mga biyayang ito ay may nakalaang gantimpala mula kay Allah.

Ang ating mahal na Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay nagbigay ng isang mainam at praktikal na gawain na dapat nating makagawian sa ating pang araw-araw na buhay. Siya ay nagsabi:

"وَتُمِيطُ الأذَى عَنِ الطَّرِيقِ صَدَقَةٌ." ( رَوَاهُ الْبُخَارِيُّ)

*“At ang pag-aalis ng nakasasama mula sa daan ay isang kawanggawa.”* (Inulat ni Al-Bukhari)

Binanggit ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam) na isang kawanggawa ang pag-aalis ng mga bagay na nakasasama sa mga daan. Tayo ay

hinihikayat na mag-aalis ng mga bagay na nagdudulot perhuwisyo at pinsala sa kapaligiran. Ang kawanggawa ay hindi laging nangangailangan ng pera. Ang simpleng pagtulong sa pamamagitan ng pag-aalis ng sagabal sa daan ay itinuturing na kawanggawa sa Islam. Ang Islam ay nagtuturo na kahit sa simple at maliit na bagay ay hinihikayat tayo na maging responsable sa ating kapaligiran. Ating isipin na sa tuwing may nakita tayong kalat o basura sa kalsada (maging ito man ay plastik, bote, matutulis na bagay o papel na maaring makapagbara ng mga daluyan ng kanal) na ating pupulutin at itatapon sa basurahan ay isa nating kawanggawa. At alam natin na ang kawanggawa ay bahagi ng ating “Deen”, at ito ay kabutihan na may gantimpala. Ganito pinahahalagahan sa Islam ang kalikasan. Ganito kaganda ang aral sa Islam, na hinihikayat tayo na kahit sa maliit na bagay ay may maia-ambag tayo para sa ikagaganda ng ating kapaligiran. Sa ganitong paraan ay nagagampanan natin ang isang gawaing kalugod-lugod kay Allah – ang kawanggawa. Sa simpleng bagay na ito ay hindi lang tayo nangangalaga sa kalikasan kundi ito rin ay nagsisilbing “’Ibadah”, pagsamba sa ating Tagapaglikha. Ganito kaganda ang Islam! Ang pagiging Muslim ay may pagpapahalaga sa kalinisan, at kaayusan ng kalikasan at kapaligiran. Ang mabuting Muslim ay may pagmamahal at pagmamalasakit sa mga nilikha ng Dakilang Tagapaglikha na si Allah.

Isa pang praktikal na gawain na makapagbibigay ambag tayo sa pagpapahalaga at pangangalaga sa mga biyayang ibinigay ni Allah ay ang hindi pag-aaksaya ng pagkain at tubig.

Sinabi ni Allah:

﴿ وَكُلُوا۟ وَٱشْرَبُوا۟ وَلَا تُسْرِفُوٓا۟ ۚ إِنَّهُۥ لَا يُحِبُّ ٱلْمُسْرِفِينَ ﴾ الأعراف: 31

***“At kumain kayo at uminom ngunit huwag mag-aksaya, katotohanan na Siya (Si Allah) ay hindi nalulugod sa mga maluluhong mapag-aksaya.”*** (Al-A’raf: 31)

Ang pag-aaksaya, maging ito man ay sa pagkain, tubig, o iba pang biyaya, ay isang kawalan ng pasasalamat kay Allah. Maghanda ng pagkain ayon lamang sa kaya o kailangan ng pamilya upang maiwasan ang labis na tira o basura. Ibigay ang pagkain sa iba kung mayroong sobra, sa halip na itapon ito. At ang tubig ay isang mahalagang yaman ng kalikasan na dapat gamitin nang may pagpapahalaga. Iwasan ang pagbubukas ng gripo nang walang dahilan. Gumamit ng tubig nang sapat lamang sa mga gawain tulad ng pag-inom, paglilinis, at pagsasagawa ng “Wudhu”. Marami ang nagkukulang sa tubig sa iba't ibang bahagi ng Mundo, kaya’t ang bawat patak nito ay dapat gamitin nang maingat.

Sa pagtatapos ng mensahe na ito mga kapatid, alalahanin natin na ang bawat biyaya ay mula kay Allah, kaya't nararapat lamang na gamitin ito nang tama at magpasalamat sa Kanya. Ang pag-aaksaya ay isang tanda ng kawalan ng pagkilala sa biyaya. Ang pasasalamat ay hindi lamang sa salita kundi sa kilos din, tulad ng tamang paggamit ng mga ito. Ang mapag-aksaya ay hindi lamang pangit sa paningin ng tao, ito rin ay hindi minamahal ni Allah. Ang sobrang paggastos, paggamit, at pagkonsumo ng hindi kailangan ay nagdudulot ng masamang epekto hindi lamang sa indibidwal kundi pati na rin sa ating lipunan at kalikasan.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.
عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***